

## Options in Aged Care

### Mga opsiyon sa Pag-aalaga ng Matatanda



English / Tagalog



This information was compiled by the Centre for Cultural Diversity in Ageing 2008.

Ang impormasyong ito ay kinalap ng Sentro para sa Pagkakaiba ng Kultura sa Pagtanda 2008 [Centre for Cultural Diversity in Ageing 2008]

©Centre for Cultural Diversity in Ageing 2008.

## Options in Aged Care

There are many types of aged care services, but finding out what options are available to you or your family member can be confusing. This information provides an overview of aged care services and how you can access them, along with some useful contact numbers. It describes three types of government-subsidised aged care services:

- **Community Care**
- **Respite Care**
- **Residential Care**

Even if you do not require these services now, it is important to know what is available so you can plan for any care needs that you may have in the future.

## Mga opsiyon sa Pag-aalaga ng Matatanda

Maraming uri ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda, ngunit ang mga makakuhang pagpipilian ninyo at ng miyembro ng inyong pamilya ay maaaring nakalilito. Ang impormasyong ito ay nagbibigay ng kabuuang ideya kung ano ang mga nakalaang serbisyo at kung paano ninyo ito makukuha, kasama na ang ilang magagamit na numero ng telepono. Ipinaliliwanag nito ang tatlong uri ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda na pinopondohan ng gobyerno:

- **Pag-aalagang Pangkomunidad (Community Care)**
- **Pag-aalaga sa Pagpapahinga (Respite Care)**
- **Pag-aalaga sa Tahanan (Residential Care)**

Kahit na hindi pa ninyo kailangan ng mga serbisyong ito, mahalagang malaman kung ano ang makukuhang serbisyo upang makapagplano para sa anumang pag-aalaga na inyong kakailanganin sa hinaharap.

## Community Care

Most older people prefer to continue living in their own home, but some people may find this difficult to do without assistance. There are a number of aged care services that help older people to continue living in their own home. This type of care is known as 'Community Care' and there are four different options, depending on your needs:

### Home and Community Care (HACC)

Home and Community Care provides basic support services for frail aged people who are experiencing difficulties managing daily tasks but who wish to continue living independently at home.

Services may include: nursing and allied health services, personal care (assistance with bathing, dressing and eating), Meals on Wheels and other food services, home help (assistance with housework, laundry and shopping), home modification and maintenance, transport, counselling and social support. Home and Community Care services are usually provided by local councils, community health centres and community organisations.

## Pag-aalagang Pangkomunidad (Community Care)

Karamihan sa mga matatanda ay nais na ipagpatuloy ang paninirahan sa kanilang sariling tahanan, ngunit ang ilan ay nahihirapang gawin ito ng walang tumutulong. Mayroong ilang mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda na tumutulong sa mga matatanda na makapagpatuloy na manirahan sa kanilang sariling tahanan. Ang ganitong uri ng pag-aalaga ay tinatawag na 'Pag-aalagang Pangkomunidad' at mayroong apat na ibat ibang mapagpipilian, ayon sa inyong mga pangangailangan:

### Pag-aalaga sa Bahay at Komunidad (Home and Community Care - HACC)

Ang Pag-aalaga sa Bahay at Komunidad ay nagbibigay ng pangkaraniwang mga serbisyong tulong sa mga mahihina nang matatanda na nakararanas ng hirap sa pamamahala sa pang-araw-araw na gawain ngunit nais pa rin na mamuhay ng malaya sa kanilang sariling bahay.

Kasama sa mga serbisyo ang: pagkalinga at mga kaugnay na mga serbisyong pangkalusugan, pangangalagang pansarili (tulong sa paliligo, pagbibihis at pagkain). Meals on Wheels at iba pang mga serbisyo sa pagkain, tulong sa bahay (tulong sa mga gawaing bahay, paglalaba at pagsasyaping), pag-aakma ng bahay at pagpapanatili nito, paglalakbay, pagpapayo at suportang sosyal. Ang mga serbisyo sa Pag-aalaga sa Bahay at Komunidad ay karaniwang ibinibigay ng mga konsehong lokal, mga sentro ng kalusugan sa komunidad at mga samahang pangkomunidad.

## **Community Aged Care Packages (CACP)**

Community Aged Care Packages provide services to frail aged people with more complex care needs, or who require a greater range of services to help them continue living at home.

The packages of services are flexible and designed to suit individual needs, and may include: personal care (assistance with bathing, dressing and eating), meal preparation, home help (assistance with housework, laundry and shopping), gardening, transport and social support. These services are planned and coordinated by an approved aged care service provider. Eligibility for Community Aged Care Packages is determined by an *Aged Care Assessment Team* (see page 9).

## **Extended Aged Care at Home Packages (EACH)**

Extended Aged Care at Home Packages provide services to people who need more help than a Community Aged Care Package can provide.

The packages of services are flexible and designed to suit individual needs, and may include: nursing and allied health services, personal care (assistance with bathing, dressing and eating), home help (assistance with housework, laundry and shopping), transport and social support. These services are planned and coordinated by an approved aged care service

## **Mga Pakete ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Komunidad (Community Aged Care Packages - CACP)**

Ang mga Pakete ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Komunidad ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mahihina nang matatanda na may komplikadong pangangailangan, o ang mga nangangailangan ng mas malawak na hanay ng serbisyo upang sila ay tulungan na manatiling namumuhay sa kanilang bahay.

Ang mga pakete ng mga serbisyo ay naiaangkop at ginawa upang matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan, at maaaring makasama ang: pangangalagang pansarili (tulong sa paliligo, pagbibihis at pagkain), paghahanda ng pagkain, tulong sa bahay (tulong sa gawaing bahay, paglalaba at pagsasyaping), paghahalaman, paglalakbay at suportang sosyal. Ang mga serbisyong ito ay binalak at pinag-uugnay ng isang aprobadong nagbibigay ng serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda. Ang Elidyibiliti para sa mga Pakete ng Pag-aalaga ng Matatanda ng Komunidad ay itinatakda ng isang Grupo Sa Pagtataya ng Pag-aalaga ng Matatanda (Aged Care Assessment Team) (tingnan ang pahina 10).

## **Pinalawak na mga Pakete ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Bahay (Extended Aged Care at Home Packages - EACH)**

Ang Pinalawak na mga Pakete ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Bahay ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong nangangailangan ng mas maraming tulong keysa sa ibinibigay ng mga Pakete ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Komunidad.

Ang mga pakete ng mga serbisyo ay naiaangkop at ginawa upang matugunan ang indibidwal na mga pangangailangan, at maaaring kasama ang pagkalinga at mga serbisyo sa kaugnay na kalusugan, pangangalagang pangsarili (tulong sa paliligo, pagbibihis at pagkain),

provider. Eligibility for Extended Aged Care at Home Packages is determined by an *Aged Care Assessment Team* (see page 9).

### Extended Aged Care at Home Packages Dementia (EACH D)

Extended Aged Care at Home Packages Dementia provide services to people living with dementia. The packages of services are flexible and designed to suit individual needs, and may include: nursing and allied health services, personal care (assistance with bathing, dressing and eating), home help (assistance with housework, laundry and shopping), transport and social support.

These Services are planned and coordinated by an approved aged care service provider. Eligibility for Extended Aged Care at Home Packages Dementia is determined by an *Aged Care Assessment Team* (see page 9).

For more information about Community Care and how to find a service that meets your needs, call the **Commonwealth Carelink Centre** on **1800 052 222**.

tulong sa bahay (tulong sa gawaing bahay, paglalaba at pagsasyaping), paglalakbay at suportang sosyal. Ang mga serbisyong ito ay ginawa at pinag-uugnay ng isang aprobadong nagbibigay ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda. Ang Elidyibiliti para sa Pinalawak na mga Pakete ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Bahay ay itinatakda ng isang Grupo sa Pagtataya ng Pag-aalaga ng Matatanda (Aged Care Assessment Team) (tingnan ang pahina 10).

### Pinalawak na mga Pakete sa Demensiya sa Pag-aalaga ng Matatanda sa Bahay (Extended Aged Care at Home Packages Dementia - EACH D)

Ang Pinalawak na Pakete sa Demensiya sa Pag-aalaga ng Matatanda sa Bahay ay nagbibigay ng serbisyo sa mga taong may demensiya. Ang mga pakete ng mga serbisyo ay naibabagay at ginagawa upang makatugon sa indibidwal na pangangailangan, at maaaring kasama ang: pagkalinga at mga serbisyo sa kaugnay na kalusugan, pangangalagang pansarili (tulong sa paliligo, pagbibihis, at pagkain), tulong sa bahay (tulong sa mga gawaing bahay, paglalaba at pagsasyaping), paglalakbay at tulong na sosyal.

Ang mga serbisyong ito ay ginawa at pinag-uugnay ng isang aprobadong nagbibigay ng serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda. Ang Elidyibiliti sa Pinalawak na mga Pakete sa Demensiya sa Pag-aalaga ng Matatanda sa Bahay ay itinatakda ng isang Grupo sa Pagtataya sa Pag-aalaga ng Matatanda (Aged Care Assessment Team) (tingnan ang pahina 10).

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa Pag-aalagang Pangkomunidad at kung paano makakahanap ng isang serbisyo na makatutugon sa inyong pangangailangan, tawagan ang **Sentro ng Carelink ng Komonwelt (Commonwealth Carelink Centre)** sa **1800 052 222**.

## Respite Care

Respite Care is short-term care, which enables the older person and their carer to have a break from their normal routine. Many older people are cared for by family members at home. It is important that carers are supported in this valuable role, especially as many carers are themselves elderly. Respite Care supports the carer to have a break from their caring responsibilities, while also helping the older person to continue living at home.

Respite Care provides care services to the older person on a temporary basis, which enables the carer to rest, attend to other responsibilities (eg shopping), or to have a holiday. It is usually planned in advance, but may be arranged in an emergency (eg if the carer is unwell).

Respite care may also be accessed by older people who live on their own and feel unable to look after themselves and need a break. It can be provided in the older person's home, in day-care centres or in Residential Care. Respite Care is provided through Home and Community Care, the National Respite for Carers Program and Residential Care. Access to Respite Care is based on eligibility, priority and need.

For more information about Respite Care and other support services for carers, call the **Commonwealth Carers' Respite Centre** on **1800 059 059**.

## Pag-aalaga sa Pamamahinga (Respite Care)

Ang Pag-aalaga sa Pamamahinga ay isang maikling panahong pag-aalaga na nagbibigay sa matatanda at sa kanilang mga tagapag-alaga ng pagkakataon na makapagpahinga sa kanilang karaniwang gawain. Karamihan sa mga matatanda ay inaalagaan ng mga miyembro ng pamilya sa bahay. Mahalaga na tulungan ang mga tagapag-alaga sa ganitong mahahalagang papel na kanilang ginagampanan, lalo na't karamihan sa mga tagapag-alaga ay matatanda na rin. Ang Pag-aalaga sa Pamamahinga ay nagbibigay ng suporta sa mga tagapag-alaga na magkaroon ng pahinga sa kanilang mga responsibilidad sa pag-aalaga, habang patuloy na tinutulungan ang matatanda na mamuhay sa kanilang bahay.

Ang Pag-aalaga sa Pamamahinga ay nagbibigay ng pansamantalang serbisyo sa pag-aalaga sa matatanda upang makapagpahinga ang tagapag-alaga, gawin ang ibang mga responsibilidad (halimbawa pagsasyaping), o magbakasyon. Ito ay karaniwang maagang binabalak, ngunit maaaring isaayos sa isang emerhensiya (halimbawa kung maysakit ang tagapag-alaga).

Ang Pag-aalaga sa Pamamahinga ay maaari ring kunin ng matatanda na nagsosolo at nakakaramdam na hindi nila kayang pangalagaan ang sarili at nangangailangan ng pahinga. Maaari itong ibigay sa bahay ng matanda, sa mga pang-araw na sentro ng pag-aalaga o sa Pag-aalaga sa Tahanan. Ang Pag-aalaga sa Pamamahinga ay ibinibigay sa pamamagitan ng Pag-aalaga sa Bahay at Komunidad, Pambansang Programa sa Pamamahinga ng mga Tagapag-alaga (National Respite for Carers Program) at Pag-aalaga sa Tahanan. Ang pagkuha ng Pag-aalaga sa Pamamahinga ay ayon sa elidyibiliti, karapatang-mauna, at

pangangailangan.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa Pag-aalagang Pangkomunidad at iba pang mga serbisyo ng tulong sa mga tagapag-alaga, tawagan ang **Sentro ng Pamamahinga ng mga Tagapag-alaga ng Komonwelt** sa **1800 059 059**.

## Residential Care

As an older person's level of frailty increases, it may no longer be an option for them to continue living in their own home and an aged care home may need to be considered. Aged care homes are also known as 'Residential Care'.

There are two types of Residential Care: low-level care and high-level care. Both levels of care provide a range of specified services, including: accommodation, basic furnishings, laundry, cleaning, meals and refreshments, staff to help at all times, personal care (assistance with bathing, dressing and eating), occasional nursing care and social activities.

High-level care is designed for people who are very frail, require 24-hour assistance and on-going nursing care. Some aged care homes provide low-level care and high-level care, enabling people to stay in the same home even if their care needs change. This is known as 'ageing in place'. Aged care homes are run by approved aged care service providers. Eligibility for Residential Care is determined by an *Aged Care Assessment Team* (see page 9).

For more information about Residential Care and how to find a home that meets your needs, call the **Commonwealth Carelink Centre** on **1800 052 222** or the **Aged Care Information Line** on **1800 500 853**.

## *Pag-aalaga sa Tahanan (Residential Care)*

Habang lumalala ang panghihina ng mga taong matatanda, maaaring hindi na opsiyon na sila ay manatiling namumuhay na nagsosolo sa kanilang sariling bahay at ang tahanan sa pag-aalaga ng matatanda ay maaaring isaalang-alang. Ang mga bahay sa pag-aalaga ng matatanda ay tinatawag ding 'Pag-aalaga sa Tahanan'.

Mayroong dalawang uri ng Pag-aalaga sa Tahanan: bahagyang pag-aalaga at maselang pag-aalaga. Bawat uri ng pag-aalaga ay nagbibigay ng mapagpipiliang natatanging mga serbisyo, kasama na ang: matitirhan, mga karaniwang gamit sa bahay, paglalaba, paglilinis, mga pagkain at palamig, mga kawaning tutulong sa lahat ng oras, pangangalagang pansarili (tulong sa paliligo, pagbibihis at pagkain), paminsan-minsang pag-aalaga ng nars at mga gawaing sosyal.

Ang maselang pag-aalaga ay ginawa para sa mga taong napakahina na, nangangailangan ng 24-oras na tulong at patuloy na pag-aalaga ng nars. Ang ilang tahanan sa pag-aalaga ng matatanda ay nagbibigay ng bahagyang pag-aalaga at maselang pag-aalaga, upang patuloy na manirahan ang mga tao dito kahit na ang kanilang pangangailangan sa pag-aalaga ay nagbago na. Ito ay tinatawag na 'pagtanda sa iisang tahanan'. Ang mga tahanan sa pag-aalaga ng matatanda ay pinamamahalaan ng mga aprobadong nagbibigay ng serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda. Ang elidyibiliti para sa Pag-aalaga sa Tahanan ay itinatakda ng isang Grupo sa Pagtataya sa Pag-aalaga ng Matanda (*Aged Care Assessment Team*) (tingnan ang pahina 10).

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa Pag-aalaga sa Tahanan at kung paano makakahanap ng isang tahanan na makakatugon sa inyong pangangailangan, tawagan ang **Sentro ng Carelink ng Komonwelt (Commonwealth Carelink Centre)** sa **1800 052 222** o ang **Linya Pang-impormasyon sa Pag-aalaga ng Matatanda (Aged Care Information Line)** sa **1800 500 853**.

## Additional Information

### Aged Care Assessment Team (ACAT)

The first step in accessing most government-subsidised aged care services is to receive an assessment by the Aged Care Assessment Team (ACAT). Eligibility for Community Aged Care Packages, Extended Aged Care at Home Packages and Residential Care is determined by an ACAT assessment, which determines eligibility by assessing a person's needs.

This is a free and confidential service, and the process is not as daunting as it may sound. An ACAT representative (usually a doctor, nurse, social worker or other health care professional) will assess your situation and specific care needs.

You will be informed about the services you are eligible to receive and how to find a service that meets your needs. You may choose to have a relative or friend with you during the assessment. You also have the right to ask ACAT to provide an interpreter. If you are not satisfied with the outcome of the assessment, you have the right to appeal the decision.

To arrange an ACAT assessment, you can ask your doctor for a referral or call the Commonwealth Carelink Centre on 1800 052 222.

## Karagdagang impormasyon

### Grupo ng Pagtataya sa Pag-aalaga ng Matatanda (Aged Care Assessment Team - ACAT)

Ang unang hakbang sa pagkuha ng karamihan sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda na pinondohan ng gobyerno ay ang pagsailalim sa pagtataya ng Grupo ng Pagtataya sa Pag-aalaga ng Matatanda (ACAT). Ang elidyibiliti para sa Mga Pakete sa Pangkomunidad na Pag-aalaga ng Matatanda, Mga Pinalawak na Pakete ng Pag-aalaga ng Matatanda sa Bahay at ang Pag-aalaga sa Tahanan ay itinatagda ng isang pagtataya ng ACAT, na siyang nagpapasiya ng elidyibiliti sa pamamagitan ng pagtataya ng pangangailangan ng isang tao.

Ito ay libre at kumpidensiyal na serbisyo, at ang proseso ay hindi mahirap na tulad ng pagkakaalam. Isang kinatawan ng ACAT (karaniwan ay isang doktor, nars, manggagawang panglipunan o iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) ang magtataya sa inyong sitwasyon at natatanging pangangailanga sa pag-aalaga.

Ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga serbisyo na maaari ninyong tanggapin at kung paano makahahanap ng isang serbisyong makakatugon sa inyong mga pangangailangan. Maaari kayong makapamilya kung isang kamag-anak o kaibigan ang kasama ninyo sa panahon ng pagtataya. Mayroon din kayong karapatan na hilingin sa ACAT na maglaan ng isang tagapagpaliwanag. Kung hindi kayo nasisiyahan sa kinalabasan ng pagtataya, may karapatan kayong mag-apela sa desisyon.

Upang ihanda ang pagtataya ng ACAT, maaari ninyong hilingin sa inyong doktor na ilipat kayo o tawagan ang Sentro ng Carelink ng Komonwelt sa 1800 052 222.

## Fees & Charges

The cost of receiving aged care services is based on a person's assessed care needs and their ability to pay. Special consideration is given to people who are financially disadvantaged. It is important to know that you will not be denied access to a service if you are unable to pay. All people receive the same quality of care regardless of the level of fees paid. To find out more about fees and charges, contact the Aged and Community Care Information Line on 1800 500 853.

## Your Rights & Responsibilities

Aged care service providers are obliged to inform you of your rights and responsibilities regarding the services you are receiving. Whether you are receiving Residential Care or Community Care, it is important to be aware of your rights, which include the right to:

- Be informed about your rights;
- Be involved and informed about all decisions related to your care;
- Be in charge of your life, your money and your possessions;
- Be treated with dignity and respect;
- Continue your cultural or religious practices and retain the language of your choice without discrimination;
- Good quality care that meets your needs;
- Complain and take steps to sort out any problems;

## Mga Kabayaran & Singilin

Ang halaga ng pagkakaroon ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda ay ayon sa tinayang pangangailangan ng isang tao sa pangangalaga at ang kakayahan nitong magbayad. Natatanging desisyon ang ibinibigay sa mga taong may disbentahang pinansiyal. Mahalagang malaman ninyo na hindi kayo pagkakaitan ng isang serbisyo kung kayo ay hindi makakabayad. Ang lahat ay tumatanggap ng parehong kalidad ng pag-aalaga anuman ang halaga ng kanyang binayaran. Upang malaman ang dagdag na impormasyon tungkol sa mga kabayaran at singilin, kontakin ang Linyang Pang-impormasyon sa Pag-aalaga ng Matatanda at Komunidad sa 1800 500 853 (Aged and Community Care Information Line).

## Ang inyong mga Karapatan & Responsibilidad

Kailangan sabihin sa inyo ng mga nagbibigay ng serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda ang tungkol sa inyong mga karapatan at responsibilidad tungkol sa mga serbisyong inyong tinatanggap. Kayo man ay tumatanggap ng Pag-aalaga sa Tahanan o Pag-aalagang Pangkomunidad, mahalagang alam ninyo ang inyong mga karapatan, kasama sa karapatan ang:

- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan;
- Makalahok at mabigyan ng impormasyon tungkol sa lahat ng desisyon na may kinalaman sa inyong pangangalaga;
- Magdesisyon sa inyong buhay, pera at mga ari-arian;
- Tratuhan ng may dignidad at respeto;
- Ipagpatuloy ang mga nakagawiang gawaing kultural at pangrelihiyon at panatilihin ang pagsasalita sa inyong piniling wika ng walang diskriminasyon;

- Privacy.

For more information about your rights and responsibilities regarding aged care services, contact the National Aged Care Advocacy Line on 1800 700 600.

## Concerns and Complaints

If you have a concern or complaint about the quality of care or services you are receiving, you may like to discuss this with the Manager of the aged care service. If you are uncomfortable doing this, or you do not like how your complaint has been handled, you can contact the Aged Care Complaints Investigation Scheme on 1800 550 552. This is a free and confidential service.

- Mahusay na kalidad ng pag-aalaga na nakatugon sa inyong mga pangangilangan;
- Magreklamo at gumawa ng hakbang upang malutas ang anumang problema;
- Pagkapribado.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan tungkol sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda, kontakin ang Linya ng Pambansang Pagtatanggol sa Pag-aalaga ng Matatanda sa 1800 700 600 (National Aged Care Advocacy Line).

## Mga Pagkabahala at Reklamo

Kung mayroon kayong pagkabahala o reklamo tungkol sa kalidad ng pag-aalaga o serbisyo na inyong tinatanggap, maaari ninyong ilapit ito sa Manedyer ng serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda. Kung hindi ninyo nais na gawin ito, o hindi ninyo nagustuhan kung paano hinawakan ang inyong reklamo, maaari ninyong kontakin ang Sistema sa Pagsisiyasat ng mga Reklamo sa Pag-aalaga ng Matatanda sa 1800 550 552 (Aged Care Complaints Investigation Scheme). Ito ay isang libreng serbisyo at kumpidensiyal.

## Useful Contact Numbers

If you need an interpreter to help you to communicate over the phone, call the **Translating and Interpreting Service** on **13 14 50**. This is a free service.

Note that calls to numbers beginning with '1800' are free, except when made from mobile phones.

### **Aged Care Complaints Investigation Scheme: 1800 550 552**

The Aged Care Complaints Investigation Scheme investigates complaints and concerns about government-subsidised aged care services, including community care, respite care and residential care. Contact the Aged Care Complaints Investigation Scheme if you have a concern or complaint about the services you are receiving. Complaints can be made anonymously. This is a free service.

## Magagamit na mga Numerong Makokontak

Kung kailangan ninyo ng isang tagapagpaliwanag upang tulungan kayo sa pakikipag-usap sa telepono, tawagan ang **Serbisyo sa Pagsasalin at Pagpapaliwanag (Translating and Interpreting Service)** sa **13 14 50**. Ang serbisyong ito ay libre.

Tandaan na ang lahat ng tawag sa numerong nagsisimula sa '1800' ay libre, maliban kung ginawa ang tawag sa mga teleponong mobil.

### **Sistema sa Pagsisiyasat sa mga Reklamo sa Pag-aalaga ng Matatanda (Aged Care Complaints Investigation Scheme): 1800 550 552**

Ang Sistema sa Pagsisiyasat sa mga Reklamo sa Pag-aalaga ng Matatanda ay nagsisiyasat sa mga reklamo at pagkabahala tungkol sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda na pinondohan ng gobyerno, kasama, ang pag-aalagang pangkomunidad, pag-aalaga sa pagpapahinga at pag-aalaga sa tahanan. Kontakin ang Sistema sa Pagsisiyasat sa mga Reklamo sa Pag-aalaga ng Matatanda kung mayroon kayong pagkabahala o reklamo tungkol sa mga serbisyo na inyong tinatanggap. Ang mga reklamo ay maaaring gawin na hindi kayo nagpakilala. Ito ay isang libheng serbisyo.

### **Aged Care Information Line: 1800 500 853**

The Aged Care Information Line provides information about aged care services, including information on fees and charges, incoming testing and financial assistance.

### **Centrelink - Disability, Sickness and Carers: 13 27 17**

Call this number for disability, sickness and carer enquiries, including Disability Support Pension, Mobility Allowance, Carer Payment, Carer Allowance and Sickness Allowance.

### **Centrelink - Multilingual Call: 13 12 02**

Call this number to speak to Centrelink employees in your preferred language.

### **Linyang Pang-impormasyon sa Pag-aalaga ng Matatanda (Aged Care Information Line): 1800 500 853**

Ang Linyang Pang-impormasyon sa Pag-aalaga ng Matatanda ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda, kasama na ang impormasyon tungkol sa mga kabayaran at singilin, pagtataya sa pagpasok at tulong na pinansiyal.

### **Centrelink - Pagkabaldado, Karamdaman at mga Tagapag-alaga: 13 27 17**

Tawagan ang numerong ito para magtanong tungkol sa pagkabaldado, karamdaman at mga tagapag-alaga, kasama na ang Suportang Pensiyon ng May Kapansanan (Disability Support Pension), Panggastos sa Pagkilos ng May Kapansanan (Mobility Allowance), Kabayaran ng Tagapag-alaga (Carer Payment), Panggastos ng Tagapag-alaga (Carer Allowance) at Panggastos ng Maysakit (Sickness Allowance).

### **Centrelink - Tawag Multilingwal: 13 12 02**

Tawagan ang numerong ito upang maka-usap ang empleyado ng Centrelink sa inyong piniling wika.

## **Centrelink - Retirement Services: 13 23 00**

Call this number for retirement enquiries, including Age Pension, Pensioner Concession Cards, Commonwealth Seniors Health Card, and for enquiries regarding income assessment for residential care fees. You can also call this number to access Centrelink's Financial Information Service, which is a free and independent service available to everyone in the community (even if you are not receiving a pension or benefit).

## **Commonwealth Carelink Centre: 1800 052 222**

The Commonwealth Carelink Centre provides a single point of contact for information about aged care services. Contact the Commonwealth Carelink Centre to find out what aged care services are available in your area or anywhere in Australia, as well as information on costs, assessment procedures and eligibility criteria. This is a free and confidential service.

## **Commonwealth Carers' Respite Centre: 1800 059 059**

The Commonwealth Carer Respite Centre coordinates access to respite services in your local area, provides information and advice about respite options, help with organising emergency or planned respite, and financial assistance for short-term or emergency respite. This is a 24-hour service.

## **Centrelink - Mga Serbisyo sa Pagreretiro: 13 23 00**

Tawagan ang numerong ito sa mga pagtatanong tungkol sa pagreretiro, kasama ang Pensiyon ng Matanda (Age Pension), Konsesyong Kard ng Pensiyonado (Pensioner Concession Cards), Komonwelt Kard sa Kalusugan ng Senyor (Commonwealth Seniors Health Card), at para sa pagtatanong tungkol sa pagtatasa ng kita para sa mga kabayaran sa pag-aalaga sa tahanan. Maaari din ninyong tawagan ang numerong ito upang kumuha ng Serbisyo sa Impormasyong Pinansiyal ng Centrelink (Financial Information Service), isang libre at di-nakataling serbisyo na makukuha ng sinuman sa komunidad (kahit na hindi kayo tumatanggap ng pensiyon o benepisyo).

## **Sentro sa Carelink ng Komonwelt: 1800 052 222**

Ang Sentro sa Carelink ng Komonwelt ang nagsisilbing isahang pook na matatawagan para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda. Tawagan ang Sentro sa Carelink ng Komonwelt upang malaman kung ano ang mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda na makukuha sa inyong pook o saan man sa Australya, kasama na rin ang impormasyon sa gastos, proseso ng pagtataya at batayan ng elidyibiliti. Ito ay libre at kumpidensiyal na serbisyo.

## **Sentro sa Pamamahinga ng mga Tagapag-alaga ng Komonwelt: 1800 059 059**

Ang Sentro sa Pamamahinga ng mga Tagapag-alaga ng Komonwelt ay siyang nag-uugnay sa pagkuha ng mga serbisyo sa pagpapahinga sa inyong pook, nagbibigay ng impormasyon at payo tungkol sa mga pagpipilian sa pamamahinga, tulong sa panahon ng emerhensiya o binalak na pamamahinga, at tulong na pinansiyal para sa maikling panahon o madaliang pamamahinga. Ito ay 24-oras na serbisyo.

### **National Aged Care Advocacy Line: 1800 700 600**

Contact the National Aged Care Advocacy Line to find your local advocacy service. Advocacy services help to promote your rights in relation to aged care services and can increase your involvement in decision-making processes. These services may play an important role in supporting you through a complaint process and advising you of your 5 rights in negotiations with aged care service providers. This is a free and confidential service.

### **National Dementia Helpline: 1800 100 500**

The National Dementia Helpline is a 24-hour national telephone and support service run by Alzheimer's Australia. It provides support, practical information and advice, as well as information on the full range of services provided by Alzheimer's Australia. This is a free and confidential service.

### **Pambansang Linya sa Pagtatanggol sa Pag-aalaga ng Matatanda: 1800 700 600**

Tawagan ang Pambansang Linya sa Pagtatanggol sa Pag-aalaga ng Matatanda upang malaman ang inyong lokal na serbisyo sa pagtatanggol. Ang mga serbisyo sa pagtatanggol ay nakakatulong na isulong ang inyong mga karapatan na may kinalaman sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda at maaaring madagdagan ang inyong pakikilahok sa paggawa ng desisyon. Ang mga serbisyong ito ay maaring magkaroon ng mahalagang papel sa pagbibigay ng suporta sa buong proseso ng pagrereklamo at papayuhan kayo tungkol sa inyong mga karapatan sa pakikipag-usap sa mga nagbibigay ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng matatanda. Ito ay isang libre at kumpidensiyal na serbisyo.

### **Pambansang Tulong na Linya sa Demensya (National Dementia Helpline): 1800 100 500**

Ang Pambansang Tulong na Linya sa Demensya ay isang 24-oras na pambansang serbisyo sa telepono at suporta na pinamamahalaan ng Alzheimer's Australia. Nagbibigay ito ng suporta, praktikal na impormasyon at payo, kasama na rin ang impormasyon sa buong hanay ng mga serbisyo na ibinibigay ng Alzheimer's Australia. Ito ay isang libre at kumpidensiyal na serbisyo.